

# MGA AUTISM SPECTRUM DISORDER

## FACT SHEET



### **ANO ANG MGA AUTISM SPECTRUM DISORDER?**

Ang mga autism spectrum disorder (mga ASD) ay isang grupong kapansanan sa pag-unlad ng pangangatawan na dulot ng problema sa utak. Hindi pa alam ng mga siyentipiko kung ano mismo ang nagdudulot ng problemang ito. Ang mga ASD ay makaaapekto sa paggana ng isang tao sa iba't-ibang antas, mula sa napakalumanay hanggang napakalubha. Karaniwang walang makapagtatangi sa hitsura ng isang taong may ASD mula sa ibang tao, pero maaari silang makipag-ugnayan, makipag-usap, kumilos, at matuto sa mga paraang kakaiba sa karamihan. Ang pag-iisip at kakayahang matuto ng mga taong may mga ASD ay maaring maging kakaiba – mula sa pagiging gifted hanggang lubhang hirap na hirap. Ang kapansanang Autism ay ang pinakakilalang uri ng ASD, pero may iba pa, kasama na ang “pervasive developmental disorder-not otherwise specified” (PDD-NOS) at Asperger Syndrome.

### **ANU-ANO ANG ILANG PALATANDAAN NG MGA ASD?**


Ang mga taong may ASD ay maaaring may problema sa mga kakayahang sosyal, emosyonal, at sa pakikipag-ugnayan. Maaari nilang ulit-ulitin ang ilang pag-uugali at maaaring hindi nila nais ang ula habang bata at tumatagal sa itatagal ng buhay ng isang tao.

Ang bata o matanda na may ASD ay maaaring:

- hindi sumali sa mga larong “pagpapanggap” (magpanggap na “magpakain” ng manika)
- hindi punahin ang mga bagay-bagay na nagpapakitang interisado ito (tumuro sa eroplanong dumadaan)
- hindi tumingin sa mga itinuturo ng ibang tao
- may problema sa pakikibagay sa iba o walang pakialam sa ibang tao
- umiiwas na tumingin sa mata at nais lamang na nag-iisa
- hirap na maunawaan ang damdamin ng ibang tao o magkuwento tungkol sa sarili nilang damdamin
- mas gustong hindi hinahawakan o niyayakap o maaaring yayakap lang kung nais nila
- magtila hindi alam na kinakausap sila pero tumutugon sa ibang tunog
- maging talagang interisado sa tao, pero hindi alam kung paanong makipag-usap, makipaglaro, o makibagay sa kanila
- ulitin o gayahin ang mga katagang sinambit sa kanila, o umulit ng mga salita o bukambibig sa halip ng normal na pananalita (echolalia)
- hirap ihayag ang mga kailangan nila sa pamamagitan ng karaniwang salita o kilos
- magpaulit-ulit ng ikinikilos
- hirap makibagay kapag may nagbago sa nakagawian
- may kakaibang reaksiyon sa amoy, lasa, hitsura, pakiramdam, o tunog ng mga bagay-bagay
- mawalan ng mga kakayahang dati nilang taglay (halimbawa, tumigil sa pagsambit sa mga salitang ginagamit nila)

# MGA AUTISM SPECTRUM DISORDER

## FACT SHEET



### ANO ANG MAGAGAWA KO KUNG SA PALAGAY KO'Y MAY ASD ANG AKING ANAK?

Kausapin ang doktor o nars ng iyong anak. Kung sa palagay mo o ng iyong doktor na maaaring may problema, humiling ng referral para magpatingin sa isang developmental pediatrician o iba pang espesyalista, o maaari kang makipag-ugnayan sa inyong lokal na early intervention agency (para sa kabataang wala pang 3 taon) o pampublikong paaralan (para sa mga batang 3 taon at pataas) Para malaman kung sino ang kakausapin sa iyong lugar, maaari kang makipag-ugnayan sa National Information Center for Children and Youth with Disabilities (NICHCY) sa pamamagitan ng pag-log on sa [www.nichcy.org](http://www.nichcy.org) o tawagan ang numerong **1-800-695-0285**. Bilang karagdagan, may mga link sa imormasyon ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC) para sa mga pamilya sa kanilang webpage para sa Autism Information Center ([www.cdc.gov/ncbddd/dd/aic/resources](http://www.cdc.gov/ncbddd/dd/aic/resources)).

Sa kasalukuyan, ang pangunahing paggamot sa mga ASD na nakabatay sa pag-aaral ay masinsinang pagtuturo ng kakayahan, na karaniwang tinatawag na behavioral intervention (panghihimasok sa pag-uugali). **Napakahalagang** masimulan ang panghihimasok na ito habang mas maaga upang maabot ng iyong anak ang kaniyang tunay na potensiyal. Malaki ang maitutulong ng pagkilos nang maaga!

1-800-CDC-INFO

[www.cdc.gov/actearly](http://www.cdc.gov/actearly)

Alamin ang Mga Palatandaan. Kumilos Nang Maaga.



**ChildrensHospital**  
**LosAngeles**

*International Leader in Pediatrics*

Translation provided by USC University Center for Excellence in Developmental Disabilities at Childrens Hospital Los Angeles, June 2010. Available at: [www.uscuedd.org](http://www.uscuedd.org) (Products/Publications→Parent Resources→Mga Autism Spectrum Disorder: Fact Sheet (in Tagalog) • Translated from, CDC: *Learn the Signs. Act Early* Available at: [www.cdc.gov/actearly](http://www.cdc.gov/actearly) • Funded through the Maternal and Child Health Bureau (MCHB), Health Resources and Services Administration (HRSA), Department of Health and Human Services (DHHS), grant No. 3 T73MC00008. <http://www.mchb.hrsa.gov>.